# Itulak

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Marso 12, 2022

Ano ang gusto nating hingin sa Diyos, ang may-ari ng lahat ng bagay, at may hawak sa sansinukob? Tandaan natin ang maliit na panalangin, maliit din ang kapangyarihang dulot, ngunit ang maraming panalangin, maraming kapangyarihang dulot. Kaya, kailangan nating tumawag sa Diyos at humingi ng malalaking bagay. "Kung tatawag ka sa akin, tutugunin kita, at ipahahayag ko sa iyo ang mga bagay na mahiwaga na hindi mo nauunawaan." (Jer.33:3). Tunay na ang ating panalangin ay dapat hindi nagbabago; dapat itulak at ipagpatuloy natin ang pagdarasal hanggang may pagbabagong mangyayari.

**1. Bakit may mga panalanging hindi sinasagot**?

Ang mga panalanging di sinasagot ay isa sa mga malalaki nating suliranin. At gayunpaman, tiniyak Niya sa atin na sinumang hihingi ay bibigyan (Mateo 7:7-8).

**1.1.** Panalanging pabago-bago. Minsan, walang humpay ang ating pagdadasal, ngunit pagkalipas ng ilang araw, tayo'y magsasawa't titigil. Kung ang mag-asawa ay walang tigil sa kanilang panalangin sa bawat isa (at sa kanilang mga anak), makikita nila ang maraming pagbabago.

**1.2.** Mahina ang pananampalataya. Kailangan nating humingi upang makatanggap tayo ng biyaya (Santiago 1:6). Bibigyan Niya tayo ng panibagong lakas kapag tayo'y naliligaw (Isa. 40:31).

**1.3.** Nakikinig tayo kapag ang tugon ay "Oo", ngunit kalimutang, hindi tayo nakikinig kapag ang tugon ay ang ayaw natin. Ibig sabihin ng "Hindi" ay magbubukas ng ibang pintuan.Ang ibig sabihin ng "Hindi Pa" ay ipakikita ng Diyos na mas mabuti ang Kanyang pamaraan kaysa sa ating pamaraan.

**2. Ang Paraan ng Panalangin**

**2.1.** Ang panalangin ay dapat nag-ugat sa pag-ibig natin sa Diyos. Tinitingnan Niya ang ating puso hindi lamang kung tayo'y nananalangin para lumalim ang ating relasyon sa Kanya, ngunit pati rin kung tayo'y humihingi ng ating kailangan.

**2.2**. Ang layunin ng panalangin ay upang dakilain ang Diyos, tawagin Siya hindi lamang kung tayo'y masaya kundi kung tayo'y nakaranas ng lungkot at kailangan natin ang kanyang yakap

**2.3.** Mayroon tayong direktang linya sa Diyos (Jer 33:3; Awit 9:11). Tawagan natin Siya dahil sinasagot Niya ang ating mga hiling.

**2.4.** Nababago ng panalangin ang ating sitwasyon. Alam natin na ang ginagawa ng Diyos ay para sa ating ikabubuti (Roma 8:28).

**3. Pagpapahayag ng Nakamamanghang sagot:**

**3.1** Ang nakamamanghang kwento ng *The Lord's Flock* na isinalaysay ni Sis.Techie: "Hindi ko lubos maisip kung bakit gusto ng Diyos na umalis na ako sa dati kong komunidad; gayong kami ang nagsimula nito. Bagamat, limang pari ang sumang-ayon na dapat na kaming umalis at bumuo ng bago, dito naihayag at pinagpatuloy ang aming *vision* "*Save my people, bring them to safety."*

**3.2.** Ipinagpatuloy ni Sis Techie ang mga detalye sa pagpapatayo ng *Heritage Center*: "Noong sinabi ng Diyos na bibigyan Niya kami ng lupa, nangarap ako nang "malaki"! Nagdasal ako ng lote na malapit at nasa pangunahing daan para madaling marating. Nagsimula ang komunidad na walang pera, ngunit sa pamamagitan ng mga donasyon, pangangalap ng pondo, biniyayaan kami ng Diyos para matapos ang gusali.

**3.3.** Ang patotoo ni Bro.Nesty: Higit na 20 na taon na siyang miyembro ng LF. Nagkaroon siya ng beke noong 18 taon pa lang at naging sanhi ito upang siya'y mabaog. Ngunit noong sumapi siya sa LF, ipinagdasal siya at ngayo'y may 4 ng anak.

**Konklusyon:**

Noong sinabi ng Diyos sa Kanyang mga alagad: "Kayo ang aking mga saksi," ginalugad nila ang mundo. May plano ang Diyos sa bawat isa sa atin. Gusto Niyang magdasal tayo nang may pananalig na tuloy-tuloy upang maihayag Niya ang Kanyang kapangyarihan at kadakilaan na di natin kayang unawain at para Siya ay papurihan.

**Pagninilay:**

1. Nasa masalimuot ka bang sitwasyon ngayon?
2. Anong malaking bagay ang pinagdadasal mo?
3. Ano ang dasal mong nasagot na? Nagpatotoo ka ba na para sa kanyang kapurihan?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Panalangin,